Mahal na mga Pamilya,

Kamakailan-lamang ay nakipag-partner ang aming child care center sa Inisyatibong pinamagatang "Strengthening Families through Early Care & Education". Kasali sa bago at nakatutuwang konsepto na ito ang early childhood centers sa higit sa 25 estado sa buong bansa at ito'y dumarami bawat taon.

Ang Strengthening Families Initiative ay hindi isang programa kung 'di isang bagong paraan upang malaman kung paano mapagkukunan ng impormasyon, paghihikayat, at lakas ang child care centers para sa mga bata at sa kanilang mga pamilya. Ito'y isang nakatutuwang paraan kung saan maaaring magtulungan ang mga center at mga pamilya upang magbigay ng nagmamahal na suporta at direksyon para sa ikabubuti ng ating mga maliliit na anak. Ito'y magbibigay ng mga sumusunod na pagkakataon para sa mga pamilya na:

- Mapagbasehan ang mga mabubuti sa bawat pamilya
- Makilala ang ibang mga pamilya at makipagpalitan ng mga karanasan
- Matuklasan ang resources sa komunidad

Sa darating na school year, nais namin sanang makipag-partner kayo sa amin habang natutuklasan nating lahat ang mga bagong paraan upang magtulungan at ang mga bagong paraan upang makuha ang ninanais nating lahat - mga ligtas, malusog at masayang bata na sinusuportahan ng mga malalakas na pamilya.

Mga Pamilya at mga Gurong Nagtutulungan para sa Ating mga Anak
.